HEALTH AFFAIRS

# SISTEMANG PANGKALUSUGAN NG MILITAR
# PAUNAWA SA MGA PALAKAD NA PAMPRIBASYA

## May-bisa simula Abril 14, 2003

**ANG PAUNAWANG ITO AY IPAPALIWANAG KUNG PAANO MAGAGAMIT AT MAISISIWALAT ANG ANUMANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO, AT KUNG PAANO MO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. BASAHIN NANG MABUTI.**

Kung ikaw ay mayroon kahit anong tanong tungkol sa paunawang ito, tumawag sa kinakaukulang Military Treatment Facility (MTF) Privacy Officer, o, kung kinakailangan, sa TRICARE Management Activity (TMA) Privacy Officer sa *www.tricare.osd.mil.*

Ang paunawang ito ay ipinagkakaloob sa iyo bilang isa sa mga pangangailangan ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Inilalarawan nito kung paano naming magagamit o maisisiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan , kung kanino naming maaring maisiwalat ang impormasyong ito, at ang mga patakaran sa pangangalaga ng mga ito. Ipapaliwanag din ng paunawang ito ang iyong mga karapatan upang makuha at baguhin ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan. Ikaw ay may karapatang pumayag o tumanggi sa paghayag ng tanging impormasyon sa labas ng aming sistema, maliban kung ang pagpahayag na ito ay kinakailangan o inuutos ng batas o regulasiyon.

### PAGKILALA SA PAGTANGGAP NG PAUNAWANG ITO

Ikaw ay hihingan ng pirmadong pagtanggap sa paunawang ito. Ang aming pakay ay para maunawaan mo ang mga maaring paggamit at pagsisiwalat ng iyong pribadong impormasyong medikal, at ang iyong mga karapatang may kinalaman sa pribasiya o privacy. Ang mga serbisyong medikal na iyong natatangap/matatanggap ay hindi mapipinsala ng iyong pagpirma dito. Kung piliin mong huwag pumirma, ipagpapatuloy naming magbigay ng serbisyong medikal, at gagamitin at isisiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbayad, at ang iba pang bagay na may kaugnayan sa iyong kalusugan, kapag kinakailangan.

### SINO ANG SAKOP NG PAUNAWANG ITO

Ang paunawang ito ay ipapaliwanag ang mga palakad ng Military Health System (MHS) tungkol sa iyong pribadong impormasyong pangkalusugan. Para sa paunawang ito, sakop ng MHS ang mg sumusunod:

- ❖ Anumang Department of Defense (DoD) na planong pangkalusugan
- ❖ Military Treatment Facilities (Ang mga pagtukoy sa MTFs sa paunawang ito ay sinasakop ang medikal at dental na pagamutan at lahat ng nagkakaloob ng serbisyong pangkalusugan at tauhan na nangangasiwa sa ilalim ng kanilang pagtatangkilik)
- ❖ Mga kawanihang pampook ng TRICARE
- ❖ Mga gawain sa punong himpilan, tulad ng Heneral na Doktor ng Hukobong Militar at ang mga Gawaing Pangangasiwa ng Tricare

## ANG AMING MGA TUNGKULIN SA IYO TUNGKOL SA PRIBADONG IMPORMASYONG MEDIKAL

Ang pribadong impormasyong pangkalusugan ay impormasyong pangkalusugan na natatangi sa bawat indibidwal. Sinasakop nito ang mga impormasyong tulad ng edad, address, e-mail address, at impormasyon na nauukol sa iyong nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na pisikal o mental na kalagayan at ang kinakaukulang mga serbisyong pangkalusugan. Itinatalaga ng batas ang MHS na gawin ang sumusunod:

- ❖ Tiyakin na ang iyong pribadong impormasyong medikal ay manatiling pribado.
- ❖ Bigyan ka ng paunawang ito tungkol sa aming mga katungkulang legal at mga palakad ukol sa paggamit at paghayag ng iyong pribadong impormasyong pangkalusugan.
- ❖ Sundin ang mga takda at kondisyon ng paunawa na kasalukuyang sinusunod.
- ❖ Ipabatid sa iyo ang kahit anumang mga pagbabago sa paunawa.

Inirereserba namin ang aming karapatang baguhin ang paunawang ito. Ang effectivity date o ang pecha kung kailan ito may bisa ay nakasulat sa itaas ng unang pahina at sa dulo ng huling pahina. Inirereserba namin ang karapatan gawain ang nabago o napalitan na paunawa na magkaroon ng bisa para sa impormasyong pangkalusugan na kasalukuyan aming hawak ukol sa iyo at anumang karagdagang impormasyon na matanggap naming sadarating na panahon. Maari kang kumuha ng Paunawa Ukol sa Pribadong Palakad sa pamamagitan ng pagpunta sa iyong local na MTF website o sa TMA website (www.tricare.osd.mil). Pagtawag sa kinakaukulang MTF Privacy Officer at paghingi ng kopya para ipadala sa iyo, o paghingi ng kopya sa iyong susunod na tipanan.

## PAANO NAMIN MAGAGAMIT O ISISIWALAT ANG IYONG PRIBADONG IMPORMASYONG MEDIKAL

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga napahintulutang paggamit at pagsiwalat sa iyong pribadong impormasyong medikal. Ang mga halimbawang ito ay hindi pa nasasaid.

### Alituntunin sa mga Paggamit at Pagsiwalat

Sa batas, kailangan naming ihayag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iyo maliban kung napagpasiyahan ng isang may kakayahang medikal na awtoridad na ito'y makakasama sa iyo. Dapat din naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan sa Secretary ng Department of Health and Human Services (DHHS) para sa mga imbestigasyon o para malaman ang aming pagsunod sa mga batas na nauukol sa proteksyon ng iyong impormasyong pangkalusugan.

### Pagpagamot

Gagamitin at ihahayag namin ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan upang magbigay, ayusin o pangasiwaan ang iyong kalusugan at ang ibang mga serbisyong pangkalusugan. Kasama dito ang pag-ayos sa iyong serbisyong pangkalusugan sa isang pangatlong partido. Halimbawa, ihahayag namin ang iyong pribadong impormasyong

pangkalusugan, kapag kinakailangan sa isang TRICARE na pangasiwaan na nagbibigay ng serbisyo sa iyo. Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalasugan paminsan-minsan sa ibang MTF, doktor, o tagabigay ng serbisyong pangkalusugan (halimbawa, isang spesyalista, parmasyutiko, o laboratoryo) na kapag hiniling ng iyong doktor, ay may kaugnayan sa iyong pangangalaga sa pamamagitan ng pagbigay ng tulong sa iyong diyagnosis o paggamot. Sakop nito ang mga parmasiyutika na maaring bigyan ng impormasyon tungkol sa ibang mga gamot na inireseta sa iyo upang maitukoy ang anumang interaksyon ng mga droga.

Sa Panahon ng biglang pangangailangan, gagamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang maibigay ang paggamot na iyong kinakailangan.

**Pagbayad**

Ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan ay gagamitin, kung kinakailangan, upang kumuha ng kabayaran para sa iyong mga serbisyong pangkalusugan. Maari nitong sakupin ang ilang mga gawain ng MTF bago nito aprubahan o bayaran ang mga serbisyong pangkalusugan na inirekomenda para sa iyo, tulad ng pagsuri na iyong mga karapatan o sakop ng mga benepisyo, pagsusuri ng mga serbisyong ibinigay sa iyo sa dahilang medikal, at pagsuri ng paggamit ng mga bagay-bagay na ito. Halimbawa, sa pagkuha ng pahintulot tumigil sa opsital, baka sakaling kailanganing isiwalat ang kinakaukulang pribadong impormasyong medikal upang pahintulutan ang pagtigil sa ospital.

**Mga Gawaing May Kaugnayan sa Pangkalusugang Serbisyo**

Maari naming gamitin o isiwalat, kung kinakailangan, ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan upang maitaguyod ang pang-araw-araw na mga gawaing may kaugnayan sa serbisyong pangkalusugan. Kasama ngunit hindi nakatakda rito ang mga gawaing tulad ng pagsusuri ng uri ng pagtasa, mga imbestigasyon, pagsussuri ng pagtupad ng tungkulin ng mga tauhan pagsanay ng mga estudyanteng nag-aaral ng medisina, pagbibigay ng lisensya, mga ulat tungkol sa isang produkto o serbisyo, pamamahala at pag-ayos ng ibang mga bagay-bagay tungkol sa pangkalusugang serbisyo.

Halimbawa, maari naming isiwalat ang inyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga estudyante ng medisina na tumitingin ng mga pasyente sa MTF. Maari naming tawagin ang iyong pangalan sa waiting room kapag handa na ang iyong doctor makita ka. Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan, kung kinakailangan, upang makitungo sa iyo at ipaalala ang iyong tipanan.

Isisiwalat namin ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga ‘third-party’ na kawanihan and tauhan na gumagawa ng iba’t ibang uri ng serbisyo para sa MTF o anumang pangkulusugang serbisyo ng DoD. Ang mga kawanihan at taong nangangasiwa ay inuutusang pangalagaan ang iyong impormasyong pangkalusugan.

Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan, kung kinakailangan, para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iba’t ibang uri at paraan ng paggamot at ibang mga benepisyo at serbisyong maaari mong naisin. Halimbawa, ang iyong pangalan at address ay maaring gamitin upang mapadalahan ka ng sulat tungkol sa MTF at sa mga serbisyong inaalok namin. Maari ka rin naming padalahan ng impormasyon tungkol sa mga produkto o serbisyo na sa tingin namin ay makakabuti sa iyo.

**Tinatalaga ng Batas**

Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusigan kung tinatalaga ito ng batas o regulasyon.

**Kalusugang Pampubliko**
Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa isang awtoridad ng kalusugang pampubliko na napinahintulutan ng batas na magtipon o tumanggap ng impormasyon. Ang pagsisiwalat ay maaring kailanganin upang matupad ang mga sumusunod:

- Iwasan ang pagkalat o paglaganap ng sakit
- Iulat ang mga panganganak at mga pagkamatay
- Iulat ang pagabuso o pagpapabaya sa bata
- Iulat ang reaksiyon sa gamot o mga problema sa produkto
- Ipahayag sa isang tao na maaring na-expose sa isang sakit o may panganib na mahawa o magkalat ng isang sakit o kondisyon
- Ipahayag sa kinakaukulang awtoridad ng gobyerno na kung sa aming paniniwala ay may isang pasyenteng naging biktima ng abuso, pagpapabaya, o kalupitan sa pangmag-anak.

**Nakakahawang Sakit**
Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan, kung itinatalaga ng batas, sa isang taong maaring napaharap sa isang nakakahawang sakit, o baka kaya nanganganib na mahawa o maikalat ang isang sakit o kondisyon.

**Pangangasiwa ng Pagtustos at Pagsuri sa Kalusugan**
Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa isang ahesiya nangangasiwa ng pangkalusugan para sa mga gawain na itinalaga ng batas, tulad ng mga pagtustos, pag-imbestigasiyon, at pagsiyasat ng mga ahensiyang nangangasiwa ng mga bagay pangkalusugan at ang mga ahensyang nagpapalakad ng sistemang pangkalusugan, mga prgrama ng benepisyo ng gobyerno, iba pang mga programang inayos ng gobyerno, at mga batas nauukol sa karapatang pangmamamayan.

**Pangasiwaan ng Pagkain at Droga**
Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa isang tao o kumpanyang itinatalaga ng Pangasiwaan ng Pagkain at Droga na gawin ang sumusunod:

- Iulat ang mga masamang pangyayari, mga produktong may depekto o mga problema sa mga produktong biyolohiya
- Subaybayan ang mga produkto
- Pagpabalik ng mga produkto
- Magsagawa ang pag-aayos o pagpapalit
- Magsagawa ng mga pagmamatyag ng mga bilihin

**Mga Paglilitis ayon sa Batas**
Maari naming ipahayag ang pribadong impormasyong pangkalusugan sa anumang paglilitis ng hukuman o pangansiwaan (kung ang pagpahayag nito ay may bukod tanging pahintulot) at sa iba pang mga tanging kondisyon na sumasagot sa isang utos na pagsagot sa hukuman, mga kahilingan ng kasulatan na may kinalaman sa isang kaso o ibang palakad ng hukuman.

**Pagpapatupad ng Batas**
Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan para sa mga hangaring matupad ang batas sakop ang mga sumusunod:

- Pagsagot sa mga palakad at utos ng mga hukuman
- Paghiling ng impormasyon para sa pagkakakilanlang at kinaroroonan
- Mga kalagayan na nauukol sa biktima ng isang krimen
- Mga pagkamatay na pinaghihinalaang dahilan sa kilos kriminal
- Mga krimen naganap sa isang MTF na lugar
- Mga medikal na emergency (na hindi naganap sa anumang MTF na lugar) na pinaniniwalaang nangyari dahilan sa kilos kriminal.

### Mga Koroner, Direktor ng Funeraria , at Donasiyon ng mga Organ

Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga koroner o medikal na tagatustos na nagsasagawa ng pagkakilanlan para alamin ang sanhi ng kamatayan o para sa pagsasagawa ng iba nilang mga katungkulan ayon sa batas. Maari rin naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga director ng mga funeraria pag itinatalaga ng batas. Ang impormasyong ito ay maari ring gamitin o isiwalat para sa mga donasyon ng mga bahagi ng katawan ng tao, mata, o balat ng katawan.

**Pagsaliksik**

Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga researcher pag sila'y pinahintulutan ng batas. Halimbawa kung ang kanilang pananaliksik ay inaprubahan ng isang institutional review board na siya ring nagsuri sa proposal ng pagsisiyasat at nagtatag ng mga protocol para tiyakin manatiling pribado ang iyong inpormasyong pangkalusugan.

**Kilos na Kriminal**

Ayon sa mga natatanging Pambansa at Estado na batas, maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan kung kami ay naniniwala na ang paggamit o pagsiwalat nito ay kinakailangan para maiwasan o mabawasan ang isang mabigat at nagbabalang banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko. Maari rin naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan kung kinakailangan ito ng mga alagad ng batas para kilalanin o hulihin ang isang indibidwal.

**Gawaing Militar at Pambasang Katiwasayan**

Kapag ang tamang mga kondisyon ay natutukoy, maari naming isiwalat ang pribadong impormasyong pangkalusugan ng mga kawani ng Hubkong Militar-- (1) para sa mga gawaing pinaniniwalaan mg mga awtoridad na militar, kinakailangan sa kasiguruhan ng tamang pag-ganap ng misyong militar,sakop nito ang pagtitiyak sa kalusugan para sa pagganap ng mga tungkulin; (2) para matiyak ng Kawanihan ng Beterano (VA) ang iyong karapatan para sa mga benepisyo; o (3) sa isang banyagang hukbong militar kung ikaw ay miyembro ng banyagang serbisyo militar. Maari rin naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong pambansang opisyal na nangangasiwa ng mga gawaing may kaugnayan sa pambansang seguridad, sakop na ang pagbibigay proteksyon sa Pangulo at iba pa.

**Bayad sa mga Manggagawa**

Maari naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan upang tumugon sa mga batas ukol sa kabayaran ng mga mangagawa at mga iba pang natatag na programa.

**Mga Bilanggo**

Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan kung ikaw ay isang bilanggo sa isang kulungan at ginawa o tinanggap ng MTF ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan habang nagbibigay ng serbisyo sa iyo. Ang pagsisiwalat na ito ay kakailanganin: (1) para sa Institusiyon upang mabigyan ka ng nararapat na serbisyong pangkalusugan, (2) para sa iyong kalusugan at kapakanan, at kalusugan/kapakanan ng mga iba, o (3) para sa kapakanan at kasiguruhan ng bahay parusahan.

**Pagsisiwalat ng Planong Pangkalusugan**

Maari ring isiwalat ng mga planong pangkalusugan ng DoD ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan. Ang mga halimbawa sa pagsisiwalat na ito ay ang pagpapatunay ng iyong karapataon humirang para sa serbisyong pangkalusugan, at para sa iyong pagpatala sa iba't ibang mga planong pangkalusugan at pag-ayos ng mga benepisyo

para sa mga taong may ibang kasiguruahn ng kalususgan o di kaya ay maaring lumahok para sa ibang benepisyong kaloob ng ibang programa ng gobyerno. Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa tinutukoy na kusang mga tulong ng DoD/VA.

**Karapatan ng mga Magulang at Taga-alaga**
Ang ilang mga batas sa mga estado, tungkol sa permiso sa mga taong wala pa sa hustong gulang, ay naguutos maisiwalat ang pribadong impormasyong pangkalusugan sa mga magulang, taga-alaga, at mga taong pansamantalang nangangalaga. Kami ay kikilos ng alinsunod sa mga batas nang estado kung saan nag paggamot at magsisiwalat ng impormasyon na sangayon sa mga natuturing batas.

## MGA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT NG PRIBADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN NA NANGANGAILANG NG IYONG PAHINTULOT

Sa ilang mga kalagayan, ikaw ay may pagkakataon sumangayon o tumanggi sa paggamit o pagsiwalat ng lahat o bahagi ng iyong pribadong impormasyong kalusugan. Ang mga sumusunod ay halimbawa na kung saan ang iyong pahintulot o pagtutol ay kakailanganin.

**Mga Direktorio ng MTF**
Kung hindi ka tututol, gagamitin at isisiwalat naming sa MTF inpatient directory ang iyong pangalan, ang lokasyon kung saan ka tumatanggap ng serbisyo, ang iyong kondisyon o kalagayan (pangkabuuan lamang), at ang iyong relihyon. Lahat ng impormasyong ito, maliban sa relihyon, ay isisiwalat sa mga taong tutukoy sa iyo sa pamamagitan ng iyong pangalan. Tanging mga pari or ministro ng simbahan lamang ang bibigyan ng impormasyon ukol sa iyong relihyon.

**Mga Tao na may Kaugnayan sa Iyong Serbisyong Pangkalusugan**
Kung hindi ka tututol, maaari naming isiwalat sa miyembro ng iyong pamilya, sa isang kamag-anak, malapit na kaibigan, o ibang tao na iyong piliin, ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa kanilang pangangalaga sa iyong pangkalusugan. Maari rin naming bigyan ng impormasyon ang isang taong tumutulong sa pagbayad sa iyong serbisyo. Maari rin naming gamitin o isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan para ipaalam o tumulong sa pagpapaalam sa isang myembro ng pamilya, kinatawan, o kahit sinong tao na mananagot sa pag-aalaga sa iyo, sa iyong lokasyon, karaniwang kalagayan, o kamatayan. Maari rin naming isiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan sa isang awtorisadong pribado o pampublikong grupo para tumulong sa malaking kapamahakan, at para tumulong sa pagsasaayos ng mga paggamit at pagsiwalat sa mga myembro ng pamilya o ibang tao na may kaugnayan sa iyong serbisyong pangkalusugan.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN UKOL SA IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Maari mong gamitin ang sumusunod na mga karapatan sa pagharap ng isang nakasulat na kahilingan o electronic na mensahe sa MTF Privacy Officer. Batay sa iyong kahilingan, maaaring mayroong kang ilang mga karapatan ayon sa Privacy Act of 1974. Ang iyong local na kinauukulang MTF Privacy Officer ay tutulong sa iyo upang mattamo mo ang mga opsiyon na ito. Tandaan na maaring tanggihan ng MTF ang iyong kahilingan; Gayunman, maari kang humingi ng pagsusuri sa pagtanggi.

**Karapatang Pagaralan at Kopyahin**
Maari mong suriin at kumuha ng kopya ng iyong pribadong impormasyong pangkalusugan na nilalaman sa isang humirang na talahan habang pinangangasiwaan namin ang nasabing impormasyon. Ang isang humirang na talahan ay naglalaman ng mga medikal at

kasigurahan na ulat at iba pang talaan na ginagamit ng MTF tungkol sa mga kapasiyahan nauukol sa iyo.

Hindi sakop ng karapatang ito ang pagsuri at pagkopya ng sumusunod: mga ulat tungkol sa isang taong nag psychotherapy; impormasyong kinolekta bilang paghahanda sa isang sibil, kriminal, o kilos ng mga nangangasiwa o paglilitis; at ang pribadong impormasyong pangkalusugan na ayon sa batas na ipinagbabawal ang pagsisiwalat sa nasabing impormasyon.

**Karapatang Humiling ng mga Pagbabawal**
Maari mong hilingin na huwag naming gamitin o isiwalat ang anumang bahagi ng iyong pribadong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbayad, o anumang gawaing may kaugnayan sa serbisyong pangkalusugan. Dapat iharap ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng isang sulat sa MTF Privacy Officer kung saan mo ibig isagawa ang pagbabawal. Hindi maaaring ilipat ang mga pagbabawal sa ibang MTF. Kung ang restriksyon ay hihilingin para sa buong MHS, iharap ang request sa TMA Privacy Officer. Sa iyong request, kailangan mong sabihin sa amin ang ang sumusunod: (1) kung anong natatanging impormasyon ang dapat lagyan ng pagbabawal; (2) kung gusto mong lagyan ng pagbabawal ang paggamit, pagsiwalat, o pareho; (3) kung sino ang gusto mong paggamitan ng nasabing pagbabawal, halimbawa, ang iyong asawa; at (4) hanggang kailan may bisa ang pagbabawal.

Kung naniniwala ang MTF na ang pagbabawal ay hindi makakabuti sa alinmang mga kinauukulan, o kung hindi makakayang gampanan ng MTF ang iyong kahilingan, ang MTF ay hindi Kinakailangang sumangayon. Kung ang kabawalan ay napagkasunduan ng lahat ng kinauukulan, hindi namin gagamitin o isisiwalat ang iyong pribadong impormasyong pangkalusugan kontra sa naturang pagbabawal, maliban kung ito'y kinakailangan para sa pagpagamot sa biglang pangangailangan. Maaring mong bawiin ang isang napagkasunduang kabawalan, kahit anong oras, sa pamamagitan ng pagharap ng isang sulat.

**Karapatang Humiling ng Lihim na Paghatid ng Balita**
Maari mong hilingin na kami ay magpahatid ng balita sa iyo sa pamamagitan ng naiibang pamamaraan o sa ibang lokasyon. Hindi naming hihingiin ang dahilan para sa inyong kahilingan. Lahat ng makatuwirang kahilingan ay pagbibigyan, kung kailan maaari.

**Karapatang Humiling ng Pagbabago**
Kung ikaw ay naniniwalang ang impormasyong nasa amin ay mali o kulang, maari kang humiling ng amendment o pagbabago habang kami ang nangangasiwa ng impormasyong ito. Tandaan na sa dahilang tumatanggap kami ng mga hiling para sa amendment o pagbabago, hindi kami kinakailangang sumangayon sa ang nasabing pagbabago.

**Karapatang Humiling ng Pagtustos ng mga Pagsisiwalat**
Maari mong hilingin na aming ipagkaloob ang pagtustos ng mga pagsisiwalat na aming ginawa ukol sa iyong pribadong impormasyong pangkalasugan. Sakop ng karapatang ito ang mga pagsisiwalat na ginawa para sa mga dahilan liban sa paggamot, pagbayad, o mga gawain na may kaugnayan sa pangkalusugang serbisyo na ipinalilawanag sa Paunawang ito. Ang pagsisiwalat ay dapat na ginawa pagtapos nang Abril 14, 2003, at hindi lalampas ng anim (6) na taon mula sa araw ng kahilingan. Hindi sakop ng karapatang ito ang mga pagsisiwalat na ginawa sa iyo, o binigyan mo ng permiso, para sa MTF directory, sa mga pamilya o kaibigang may kaugnayan sa iyong serbisyong pangkalusugan, o para sa notipikasyon. Ang iyong karapatan na tumanggap ng impormasyong ito ay nakasalalay sa mga karagdagang eksepsyon, restriksyon, at limitasyon na ipinaliliwanag sa Paunawang ito.

**Karapatang Humiling ng Kopya ng Paunawang Ito**
Maari kang humiling ng kopya ng paunawang ito mula sa MTF o pag-aralan ang impormasyon na ito sa MTF website o sa TMA website sa *www.tricare.osd.mil.*

**MGA BATAS NG PAMPRIBASIYA**
Ang Paunawang ito ay pinagkakaloob sa iyo bilang isa sa mga pangangailangan ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). May ilang umiiral na pambpribasiyang batas na may kaugnayan dito, tulad ng Freedom of Information Act, Privacy Act, at ang Alcohol, Drug Abuse, and Mental Health Administration Reorganization Act. Ang mga probisyon ng mga naturang batas ay ginamit sa paggawa ng aming mga patakaran sa Paunawang ito at kung paano naming gagamitin at isisiwalat and iyong pribadong impormasyong pangkalusugan.

**MGA PAGTUTOL**
Kung ikaw ay naniniwalang ang iyong mga pribadong karapatan ay nilabag, maari kang magbigay ng sulat sa iyong MTF Privacy Officer, sa TMA Privacy Officer, o sa Department of Health and Human Services. Walang gaganti sa iyo kung ikaw ay maghaharap ng isang reklamo.

**IMPORMASYON PARA SA PAKIKITUNGO**
Maari kang makitungo sa iyong MTF Privacy Officer o ang TMA Privacy Officer para sa karagdagang impormasyong tungkol sa mga palakad sa pagharap ng reklamo, o para sa karagdagang paliwanag ng panunawang ito. Ang TMA Privacy Officer ay maaring pakitunguhan sa TRICARE Management Activity, Information Management, Technology and Engineering Directorate, HIPAA Office, Five Skyline Place, Suite 810, 5111 Leesburg Pike, Falls Church, VA 22041-3206, sa telepono bilang 1-888-DoD-HIPA (1-888-363-4472 Toll Free kung tumatawag mula sa loob ng continental US)/TTY 877-535-6778. Maari ka ring mag-email ng mga katanungan sa *hipaamail@tma.osd.mil.* Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iyong mga karapatang pampribado, pumunta sa TRICARE website sa *http://www.tricare.osd.mil/hipaa/.*

*Ang paunawang ito ay magkakabisa sa kanyang kabuuan simula Abril 14, 2003.*